

# SABADO

## MAKARAAN ANG IKATLONG LINGGO NG CUARESMA

Misa "Verba mea"

III cl. • Simple • Lila

Hermandad de Sagrada Eucaristia  
Latin Mass Society of Cavite  
Comision Para sa Pagsasalin

### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Ps 5:2-3

**VERBA** mea áuribus pécipe, Dómine, intélege clamórem meum: inténde voci oratiónis meæ, Rex meus et Deus meus. — *Ps 5:4* Quóniam ad te orábo, Dómine: mane exáudies vocem meam. *V.* Gloria Patri. Verba mea.

**WIKA** ko'y ulingin, O Poon! Pakinggan itong aking pagdarahop! Agapan itong aking pagtawag ng saklolo, Hari at Dios ko! — *Salmo 5:4* O Poon, sa Iyo ako'y umaasa: at sa buwang-liwaway, tinig ko'y Iyong dinggin! *V.* Luwalhati sa Ama. — Wika ko'y ulingin...

### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**PRÆSTA,** quásumus, omnípotens Deus: ut, qui se, affligéndo carnem, ab aliméntis ábstinent; sectándo iustítiam, a culpa ieiúnent. Per Dóminum.

**ISINASAMO** namin, O Dios na makapangyarihan: upang sa pagpapakasakit namin dulot nitong aming kusang pagtitiis na magutom, ay mag-ayuno naman mula sa paggawa ng kasalanan pakundangan sa mga kawanggawa. Sa pamamagitan ng iyong Anak na si Jesucristong Panginoon namin...

*Sa Misa ngayong araw, idaragdagag ang ika-2 panalangin, "Upang Hingin Ang Pamamagitan Ng Mga Banal"; ika-3 panalangin, "Para Sa Mga Nabubuhay At Sa Mga Yumao."*

### PAGBASA • Dan 13:1-9, 15-17, 19-30, 33-62

Pagbasa mula sa aklat ni Profeta Daniel.

**NOONG MGA ARAW NA YAON:** May nakatira noon sa Babilonia na isang lalaking nanggagalang Joakim. Ang asawa niya ay si Susana na anak ni Hilcias. Si Susana ay isang babaing bukod sa napakaganda ay may takot pa sa Diyos. Ang kanyang mga magulang ay mga tapat na Judio at pinalaki siya ng mga iyon ayon sa Kautusan ni Moises. Napakayaman ni Joakim at ang bahay niya'y napapaligiran ng malawak at magandang hardin. Karaniwa'y doon nagpupulong ang mga Judio sapagkat iginagalang siya ng lahat. Iyon ang naging tanggapan ng dalawang hukom ng bayan at doon nagpupunta ang mga taong may usapin.

Nang taong iyon, nahalal na hukom ang dalawang matandang pinuno, at ganito ang sabi ng Panginoon tungkol sa kanila: “Lumabas sa Babilonia ang kasamaan sa katauhan ng dalawang matanda na naglilingkod sa bayan bilang mga hukom.”

Nakagawian na ni Susana ang mamasyal sa hardin ng kanyang asawa pagkaalis ng mga tao upang mananghalian. Sa araw-araw na pamamasyal niya doon ay nakikita siya ng dalawang pinuno at naakit ang mga ito sa kanya. Nagkaroon sila ng masamang hangarin sa babae. Sa kanilang pagkahibang kay Susana, tinalikuran nila ang pananalangin at kinalimutan ang kanilang tungkuling magpatupad ng katarungan sa bayan.

At dumating ang pagkakataon. Gaya nang dati, si Susana ay pumasok sa hardin na kasama ang dalawa niyang katulong. Napakainit noon kaya't naisipan niyang maligo. Wala nang iba pang nasa hardin kundi ang nagkukubling dalawang hukom na naninilip sa kanya. Sinabi ni Susana sa kanyang mga katulong, “Dalhan ninyo ako ng pabango at langis ng olibo, at isara ninyo ang mga pinto para makapaligo na ako.”

Pagkaalis ng mga katulong, mabilis na lumapit kay Susana ang dalawang hukom. “Sarado ang mga pinto at walang makakakita sa atin,” sabi nila kay Susana. “Sabik na sabik kami sa iyo, kaya't pagbigyan mo na ang aming kahilingan. Kapag tumanggi ka, sasabihin naming nahuli ka namin na nakikipagtagpo sa isang binata, kaya mo pinaalis ang iyong mga katulong.” Litung-lito si Susana at nasabi niya, “Wala akong lusot. Kung papayag ako sa inyo, paparusahan ako ng kamatayan. Kapag tumanggi naman ako, maghihiganti kayo sa akin. Ngunit mamatamin ko pang lasapin ang tindi ng inyong higanti kaysa magkasala ako laban sa Panginoon.” Pagkasabi niyon ay malakas na nagsisigaw si Susana, ngunit sinabayan siya ng paratang ng dalawang lalaki. Ang isa'y tumakbo sa pinto at binuksan ito.

Narinig sa buong kabahayan ang ingay sa hardin, kaya't nagmamadaling pumasok ang mga utusan sa pinto sa tagiliran para alamin kung ano ang nangyayari roon. Sinabi ng dalawang hukom ang kanilang paratang kay Susana at ang mga katulong ay nabigla sa kanilang narinig sapagkat wala pa silang narinig na gayong paratang laban kay Susana.

#### ANTIPONA SA KOMUNYON • Jn 8:10-11

**NEMO** te condemnávit, mulier? Nemo, Dómine. Nec ego te condemnábo: iam ámplius noli peccáre.

**WALA** na bang humahatol sa iyo?” “Wala po, Panginoon. “Hindi rin kita hahatulan. Umuwi ka na, at mula ngayon ay huwag ka nang gumawa ng kasalanan.”

#### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**QUÆSUMUS**, omnípotens Deus: ut inter eius membra numerémur, cuius córpori comunicámus et sánguini: Qui tecum vivit et regnat. Per Dóminum.

**IPAGKALOOB** mo nawa, O Dios na makapangyarihan, upang kami'y mabilang na kasama Niya, kaming tumanggap ng Kaniyang Mahal na Katawan at Dugo: Siyang nabubuhay at naghahari kasama ng Dios Ama...

*Sa dakong Paghayo at Pagbabasbas sa katapusan ng Misa, haharap ang pari sa bayan, sasabihin ang mga katagagang “Humiliáte cápita vestra Deo” (Iyuko niyo ang inyong mga ulo sa Dios.)*

#### PAGPAPANALANGIN SA SAMBAYANAN

**PRÆTÉNDE**, Dómine, fidélibus tuis dèxteram coeléstis auxilií: ut te toto corde perquírant; et, quæ digne póstulant, cónsequi mereántur. Per Dóminum.

**O PANGINOON**, iunat Mo ang kamay ng iyong mabathalang tulong sa Iyong samabayanan, upang hangarin Ka nila nang buong puso, at magindapat tumanggap na agaran nitong mga isinasamo nilang matimtiman. Sa pamamagitan ng iyong Anak na si Jesucristong Panginoon namin...

ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 118:133

GRESSUS meos dirige secundum  
elóquium tuum: ut non  
dominétur mei omnis iniustítia,  
Dómine.

**MGA LANDASIN** ko'y patatagain mo ayon sa  
iyong pangako, at huwag hayaang mamayani  
ang kasamaan sa akin, O Poong Mahal.

PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY

CONCÉDE, quásumus,  
omnípotens Deus: ut huius  
sacrificii munus oblátum,  
fragilitátem nostram ab omni  
malo purget semper et múniat.  
Per Dóminum.

**IPAGKALOOB** mo nawa, O Dios na  
makapangyarihan, upang ang paghahain na  
ito'y padalisayin at patatagin ang kalikasan  
naming sadyang marupok. Sa pamamagitan ng  
iyong Anak na si Jesucristong Panginoon  
namin...

PREPASYO NG KWARESMA

VERE DIGNUM et iustum est,  
æquum et salutáre, nos tibi  
semper et ubique grátias ágere:  
Dómine sancte, Pater  
omnípotens, ætérne Deus.

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid,  
angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at  
sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo,  
Panginoong banal, Dios Amang  
makapangyarihan at walang-hanggan:

Qui corporáli ieiúnio vítia  
cómprimis, mentem élevas,  
virtútem largírís et prámia: per  
Christum Dóminum nostrum.

Sapagkat sa pagpapakasakit ng katawan,  
sinusugpo mo ang aming masasamang hilig at  
itinataas ang aming isipan; binibigyan kami ng  
lakas at ginagagantimpalaan, alang-alang kay  
Cristong aming Panginoon.

Per quem maiestátem tuam  
laudant Angeli, adórant  
Dominatiónes, tremunt  
Potestátes. Cæli cælórumque  
Virtútes, ac beáta Séraphim,  
sócia exsultatióne concélebrant.  
Cum quibus et nostras voces ut  
admítte iúbeas, deprecámur,  
súpplíci confessióne dicéntes:  
— Sanctus, Sanctus,  
Sanctus...

Kaya sa pamamagitan Niya, ang makapal na  
mga anghel sa kalangitan, nagpupuri kasama ng  
mga Dominasyon at Potesdad ay nagpupuri at  
sumasamba sa iyong kamahalan. Nagbubunyi  
rin ang mga hukbo ng langit at ang mga Serapin  
ay kaisa nilang nagpupuri sa Iyo. Kaya kasama  
nila ay ipinagbubunyi naming walang humpay  
ang iyong kaluwalhatian: — **Santo, Santo,  
Santo Panginoong Dios ng mga hukbo...**

Kinabukasan, nang magkatipon na sa bahay ni Joakim ang mga tao,  
dumating ang dalawang hukom. Handa na silang hatulan ng kamatayan si Susana.  
Sa harapan ng lahat ay ipinag-utos nilang tawagin si Susana, ang anak ni Hilcias at  
kabiyaq ni Joakim. Dumating ang babae, kasama ang kanyang mga magulang, mga  
anak, at lahat ng kanyang kamag-anak. Lungkot na lungkot namang nag-iiyakan  
ang pamilya ni Susana, maging ang mga taong naroroon.

Tumayo ang dalawang hukom, ipinatong sa ulo ni Susana ang mga kamay  
nila at ipinahayag ang kanilang mga paratang laban kay Susana. Napatingala na  
lamang sa langit ang lumuluhang si Susana sapagkat tunay na nananalig siya sa  
Panginoon. Sinabi ng mga hukom, “Naglalakad kami sa hardin nang pumasok ang  
babaing ito, kasama ang kanyang dalawang katulong. Isinara niya ang mga pinto ng  
hardin, saka pinaalis ang mga katulong. Hindi nagtagal, lumabas sa  
pinagkukublihan ang isang binata at silang dalawa’y nagtalik. Naroon kami sa isang  
sulok ng hardin. Pagkakita namin sa kanilang ginagawang kasamaan, lumapit kami.  
Kahit na nakita namin sila na nagyayakapan, hindi namin napigilan ang lalaki.  
Higit na malakas siya kaysa amin, kaya’t madali niyang nabuksan ang pinto at  
tumakas. Itong babae ang pinigilan namin at tinanong kung sino ang binatang  
iyon, subalit ayaw niyang magtapat. Nanunumpa kaming ang aming ipinahayag ay  
pawang katotohanan.” Sapagkat kinikilala silang pinuno ng bayan at mga hukom  
pa, pinaniwalaan ng mga tao ang kanilang salaysay at nagkaisang parusahan ng  
kamatayan si Susana.

Dahil dito, malakas na sinabi ni Susana, “Diyos na walang hanggan,  
nalalaman po ninyo ang lahat ng lihim at nakikita ang lahat ng bagay bago pa  
mangyari. Alam po ninyo na walang katotohanan ang ibinibintang nila sa akin.  
Bakit ako papatayin gayong hindi ko naman ginawa ang ibinibintang nila sa akin?”  
Dininig ng Diyos ang kanyang dalangin. Nang si Susana ay dinadala na sa bitayan,  
isang binatang nanggangalang Daniel ang nilukuban ng Diyos upang magpahayag  
ng pagtutol. “Ayokong mapabilang sa mga sumasang-ayong patayin ang babaing  
ito,” sigaw niya. Tinanong siya ng mga tao, “Ano ang ibig mong sabihin, binata?”

Tumayo ang binata sa kalagitnaan nila at nagpatuloy ng pagsasalita, “Mga  
Israelita, hangal ba kayo at hinatulan ninyo ang babaing ito nang hindi muna  
sinisiyasat at maingat na inalam ang katotohanan? Kailangang ulitin ang paglilitis;  
walang katotohanan ang katibayang inilahad ng dalawang iyan laban sa kanya.”

Nagmamadaling bumalik ang mga tao sa lugar na pinaglitisan. Sinabi ng mga pinuno, “Daniel, dahil binigyan ka ng Diyos ng karunungan gaya ng sa isang pinuno, halika at sumama ka sa amin sa paghatol sa usaping ito.” Pagkatapos, nagsalita si Daniel, “Paglayuin ninyo ang dalawang hukom at magkahiwalay ko silang sisiyasatin.” Nang mapaglayo na sila, tinawag ni Daniel ang isa at sinabi, “Matandang walang kahihyan! Kailangang panagutan mo na ang maraming kasalanang ginawa mo. Hindi makatarungan ang mga hatol na iginagawad mo; pinaparusahan mo ang walang kasalanan at pinalalaya ang talagang nagkasala, bagama’t sinabi ng Panginoon, ‘Huwag ninyong paparusahan ng kamatayan ang walang sala.’ Kung talagang nakita mo ang ipinaparatang mo sa babaing ito, sabihin mo sa akin, sa ilalim ng anong puno sila nagtatalik nang mahuli ninyo?”

Sumagot siya, “Sa ilalim ng maliit na puno ng goma.” Sinabi ni Daniel, “Kung gayon, buhay mo ang kapalit ng iyong sagot, sapagkat ibinigay na ng Diyos sa kanyang anghel ang parusa mo at hahatiin ka sa dalawa.”

Inilayo siya roon, at ipinatawag ang kanyang kasama. Paglapit nito, sinabi ni Daniel, “Ikaw naman malupit na Canaanita na hindi mula sa angkan ni Juda. Binihag ng alindog ng babae ang iyong isip at inalipin ng kahalayan ang iyong puso. Alam na namin ngayon ang ginagawa mo sa kababaihan ng Israel. Tinatakot mo sila para pagbigyan ang iyong kahalayan. Subalit narito ang isang babae ng Juda na hindi kayang sikmurain ang iyong kabuktutan! Sabihin mo, sa ilalim ng anong puno ninyo nakita ang inyong pinagbibintangan?”

At sumagot ang matanda, “Sa ilalim ng malaking puno ng roble.” “Kung gayon!” sagot naman ni Daniel, “Buhay mo ang katumbas ng kasinungalingang ito, sapagkat naghihintay na ang anghel ng Diyos upang putulin ka sa pamamagitan ng espada. Sa gayon, pareho kayong mapapahamak.”

Dahil dito, nagsigawan sa tuwa ang lahat ng naroroon at nagpuri sila sa Diyos sapagkat iniligtas niya ang mga nagtitiwala sa kanya. Binalingan nila ang dalawang hukom matapos patunayan ni Daniel na sila’y nagsisinungaling at nanumpa nang hindi totoo. Hinatulan silang mamatay. Ayon sa Kautusan ni Moises, ang nagparatang nang hindi totoo ay siyang lalapatan ng parusang nakatakda sa kasalanang ipinaratang niya. Naligtas nga sa kamatayan ang isang taong walang kasalanan nang araw na iyon. — **R. Salamat sa Dios.**

#### PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 91:2-3

**BONUM** est confitéri Dómino : **MABUTI** ang sa Poong Dios ay magpuri: at et psállere nómini tuo, Altíssime. umawit sa ngalan Mong kay-tamis, O Kataas-taasan!

**V.** Ad annuntiándum mane misericórdiam tuam, et veritátem tuam per noctem.

**V.** Nang sa bukung-liwayway ay ipagsigawan ang iyong kagandahang-loob, at ang mga katotohanan mo kung sumapit ang gabi.

#### EBANGHELYO • Jn 8:1-11

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Juan.

**N**OONG PANAHONG IYON: Si Jesus naman ay pumunta sa Bundok ng mga Olibo. Kinabukasan, maaga pa’y nagbalik na siya sa Templo. Lumapit sa kanya ang lahat ng mga tao. Umupo siya at nagsimulang magturo. Dumating noon ang mga tagapagturo ng Kautusan at mga Pariseo na may dalang isang babaing nahuli sa pangangalunya. Iniharap nila ito sa karamihan, at sinabi kay Jesus, “Guro, ang babaing ito’y nahuli sa aktong pangangalunya. Ayon sa Kautusan ni Moises, dapat batuhin hanggang sa mamatay ang mga katulad niya. Ano naman ang masasabi ninyo?” Itinanong nila ito upang subukin siya, at nang may maiparatang sila laban sa kanya. Ngunit yumuko lamang si Jesus at sumulat sa lupa sa pamamagitan ng daliri. Patuloy sila sa pagtatanong kaya’t tumayo si Jesus at nagsalita, “Ang sinuman sa inyo na walang kasalanan ang siyang maunang bumato sa kanya.” At muli siyang yumuko at sumulat sa lupa. Nang marinig nila iyon, sila’y isa-isang umalis, simula sa pinakamatanda. Iniwan nila ang babaing nakatayo sa harap ni Jesus. Tumayo si Jesus at tinanong ang babae, “Nasaan sila? Wala na bang humahatol sa iyo?” “Wala po, Ginoo,” sagot ng babae. Sinabi ni Jesus, “Hindi rin kita hahatulan. Umuwi ka na, at mula ngayon ay huwag ka nang gumawa ng kasalanan.” — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**